Republic of the Philippines
**TARLAC STATE UNIVERSITY**
**OFFICE OF THE PRESIDENT**
Romulo Boulevard, San Vicente, Tarlac City
Tel. No. (045) 982-5574 Fax No. (045) 982-0110
Official Website: http://www.tsu.edu.ph E-mail Address: pres_office@tsu.edu.ph

TSU-OUP-252-17

22 Agosto 2017

DepED R.O. III
AUG 2 9 2017

**DR. MALCOLM S. GARMA**
OIC-Director, Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon III
Lungsod San Fernando, Pampanga

Sir:

Kaugnay sa layunin ng Tarlac State University na maitaguyod ang maunlad at ekselenteng edukasyon, malugod ko pong hinihingi ang inyong pag-endorso para sa isasagawang **Panrehiyong Seminar-Workshop 2017** na may temang: **"Pagtugon sa Hamon ng Makabagong Kurikulum sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Perspektibang ASEAN".** Ito ay gaganapin sa 6-7 Oktubre 2017, 8:00 nu – 5:00 nh sa TSU Audio Visual Room, Tarlac State University, Lungsod Tarlac.

Layunin ng Seminar-Workshop na:

1. Mailahad ang mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng wika at panitikan sa kurikulum na K-12 na may perspektibang ASEAN.
2. Maibahagi ang mga estratehiya sa pagtuturo ng siring pantahalan sa pagkukuwento, pagtatalumpati, pagbabalagtasan, sabayang bigkas, reader's theater at dula.
3. Mailahad ang mga konteksto ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo sa wika at panitikan.
4. Magamit na mabisa sa pagtuturo ang mga natutuhang kaalaman at kasanayan tungo sa mas mataas na kalidad ng edukasyon.

Inaanyayahang dumalo sa gawaing ito ang mga superbisor at mga guro sa Filipino sa lahat ng antas: Elementarya, Sekondarya at Tersyarya, mga mag-aaral na BSED/MAED Filipino, mga manunulat, at mananaliksik. Ang halaga ng rehistrasyon ay 1,500.00 para sa kanilang seminar kit, pagkain (2 tanghalian at 4 na merienda) at iba pang gugulin ng gawain.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnay kay Dr. Daisy T. Inalvez/Bb. Cathy M. Dela Cruz sa cellphone bilang 09159050172/09156954722 o sa e-mail address cathydelacruz052794@yahoo.com.

Pauna po ang aking taos-pusong pasasalamat sa inyong kasiya-siyang tugon. Patuloy nawa kayong pagpalain ng ating Panginoon.

Matapat na sumasaiyo,

**DR. MYRNA Q. MALLARI**
Pangulo